Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-8 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 120-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HINIHILING SA PUNONG LALAWIGAN DANIEL R. FERNANDO NA MAPAGKALOOBAN NG ALLOWANCE MULA SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN ANG MGA BARANGAY WOMEN'S DESK OFFICERS SA MGA BAYANG MAYROON NA NITO NA KAHALINTULAD NG SA MGA DAY CARE WORKERS, BARANGAY HEALTH WORKERS (BHWs), LINGKOD LINGAP SA NAYON (LLN), LINGKOD LINGAP SA PAMILYA (LLP) AT MOTHER LEADERS.**

**AKDA: KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, , KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT**, ang mga maraming kaso sa mga barangay na sadyang maselan at partikular na kabilang dito ay usapin hinggil sa karapatan at proteksiyon ng mga kababaihan na imbes na maisulong at mapangalagaan ang interes ay nagkakamit pa nang mapait na karanasan sa dahilang walang opisyal na kauri at nakakatiyak nang tunay na damdamin ng pagiging isang babae;

**SAPAGKAT**, kung kaya't nagkaroon rin ng isang ***Kapasiyahang Panlalawigan Blg. 157 T'17*** na itinaguyod ng inyong lingkod bilang dating miyembro ng Sangguniang Panlalawigan upang makapagtalaga ang bawat barangay ng ***Barangay Women's Desk Officer;***

**SAPAGKAT**, intitusyonal na ang Tanggapan ng *Barangay Women's Desk* sa Lungsod ng Malolos na itinaguyod din ng inyong lingkod noong taong 2007 upang mangalaga at magtanggol sa mga kababaihan;

**SAPAGKAT**, ang nasabing posisyon ang gagabay sa mga kababaihang may nakalagak na usapin sa barangay at magsusulong ng karapatan at interes ng nabanggit hanggang sa pagtatamo ng kaukulang katarungan;

**SAPAGKAT**, sang-ayon sa Seksiyon 2, Deklarasyon ng Patakaran ng Batas Republika Blg. 9710, kilala sa taguring *"An Act Providing for the Magna Carta of Women,"* na isulong, itangkilik at itaguyod ang karapatan, proteksiyon ng kababaihan tulad ng tinatamasa ng ibang kasapi sa lipunan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |

**SAPAGKAT,** kaya't magalang na hinihiling ng inyong lingkod na mapagkalooban ng *'allowance'* mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ang mga *Barangay Women's Desk Officers* sa mga bayang mayroon na nito na kahalintulad ng sa mga *Day Care Workers, Barangay Health Workers (BHWs), Lingkod Lingap sa Nayon (LLN), Lingkod Lingap sa Pamilya (LLP) at Mother Leaders;*

**SAPAGKAT,** ang paunang hakbang na ito ay maaaring maging dahilan din upang magkaroon ng motibasyon ang mga bayan sa Lalawigan ng Bulacan na magtalaga at pumili na ng kanilang sariling Barangay Women's Desk Officer;

**DAHIL DITO,** sa kahilingan ni **Kasangguni Therese Cheryll "Ayee" B. Ople** na pinangalawahan ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos.

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na **MAGALANG NA HINIHILING SA PUNONG LALAWIGAN DANIEL R. FERNANDO NA MAPAGKALOOBAN NG ALLOWANCE MULA SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN ANG MGA BARANGAY WOMEN'S DESK OFFICERS SA MGA BAYANG MAYROON NA NITO NA KAHALINTULAD NG SA MGA DAY CARE WORKERS, BARANGAY HEALTH WORKERS (BHWs), LINGKOD LINGAP SA NAYON (LLN), LINGKOD LINGAP SA PAMILYA (LLP) AT MOTHER LEADERS.**

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*081222022